| Aralin 2 | الدرس الثاني |
|---|---|

Ang taning ng tao ay di-malinaw; walang nakaaalam nito kundi si Allah lamang. Kaya walang isa mang nakaa-alam kung kailan siya mamamatay at kung saan siya mama-matay sapagkat ito ay bahagi ng kaalaman hinggil sa Naka-lingid na natatanging si Allah ang nakaaalam.

Kapag dumating ang kamatayan ay hindi na magaga-wang itaboy ito o ipagpaliban ito o takasan ito. Sinabi ni Allah (7:34): **Ang bawat kalipunan ay may taning. Kaya kapag dumating na ang taning nila ay hindi sila maka-pagpapahuli ng isang saglit at hindi sila makapagpa-pauna.**

Ang Mananampalataya, kapag pinuntahan na ng kama-tayan, ay pinupuntahan ng anghel ng kamatayan na nasa magandang anyo at may mabangong amoy. Kasama nitong dumarating ang mga anghel ng awa na magpaparating sa kanya ng nakalulugod na balita ng pagpasok sa Paraiso. Nagsabi si Allah (41:30): **Tunay na ang mga nagsabi: "Si Allah ang Panginoon namin," pagkatapos ay nana-natiling matuwid, magsisibabaan sa kanila ang mga anghel *na nagsasabi*: "Huwag kayong mangamba, huwag kayong malungkot at magalak kayo sa Paraiso na sa inyo noon ay ipinangangako."**

Kapag namatay naman ang isang Káfir (di-sumasam-palataya o tumatangging sumampalataya) ay pupuntahan siya ng anghel ng kamatayan na may nakatatakot na anyo at maitim ang mukha. Darating kasama nito ang mga ang-hel ng parusa na magbabalita sa kanya ng pagdurusang tatamuhin niya. Sinabi ni Allah (6:93): **Kung nakikita mo sana kapag nang ang mga lumalabag sa katarungan ay nasa mga hapdi ng kamatayan samantalang ang mga anghel ay nag-aabot ng mga kamay nila, *na nagsasabi*: "Ilabas ninyo ang mga kaluluwa ninyo! Ngayon araw ay gagantihan kayo ng pagdurusa ng kahihiyan dahil sa kayo noon ay nagsasabi hinggil kay Allah ng hindi totoo at kayo noon sa mga tanda Niya ay nagmamalaki."**

Kapag dumating ang kamatayan, mabubunyag ang ka-totohanan at magiging malinaw na ang lahat sa bawat tao. Sinabi ni Allah (23:99-100): **Hanggang sa nang dumating na ang kamatayan sa isa sa kanila ay nagsabi siya: "Panginoon ko, pabalikin Mo ako nang harinawa ako ay makagawa ng matuwid sa naiwan ko!" Aba'y hindi! Tunay na ito ay isang salitang siya ang nagsasabi nito. Ang nasa likod nila ay isang harang hanggang sa araw na bubuhayin sila.**

Kaya kapag dumating ang kamatayan ay hahangarin ng Káfir at makasalanan na muling mabuhay upang gumawa ng mga matuwid na gawa ngunit wala nang kabutihang maidudulot ang pagsisi kapag nahuli na ang lahat. Nagsabi ni Allah (42:44): **Makikita mo na ang mga lumalabag sa katarungan, noong nakita na nila ang pagdurusa, ay magsasabi: "Tungo sa pagbabalik *sa Mundo* ay may daan ba?"**

Bahagi ng awa ni Allah sa mga lingkod Niya ay na ang sinumang ang huling salita bago siya namatay ay ***lá iláha illa 'lláh***[1] ay papasok sa Paraiso. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Ang sinumang ang huling salita niya sa mundo ay lá iláha illalláh, papasok siya sa Paraiso.*** (Itinala ito ni Imám Abú Dáwúd.) Iyon ay sapagkat hindi magagawang sabihin ito ng isang tao sa maselang sanda-ling iyon kung hindi siya tapat na naniniwala rito. Ang hindi tapat na naniniwala rito ay malilimutang sabihin ito dahil sa tindi ng dumapo sa kanya na hapdi ng paghihingalo. Kaya dahil doon, sunnah (itinatagubilin) sa isang pupunta sa isang naghihingalo na ipabigkas ang ***lá iláha illa 'lláh***.

---

[1] Walang tunay na Diyos kundi si Allah.